

# Our Schools Coalition

## Ang Pamumuno ng Lupon ng Paaralan - Ano ito at Kung Paano Maaaring Iparinig ang Iyong Boses

### Ano ang pamumuno ng lupon ng paaralan?

Pagbibigay ng pamumuno para sa distrito sa pamamagitan ng pagpapalano, pagtakda ng patakaran at pagsusubaybay at pagtatasa ng pagganap ng tagapanihala. Ang lupon ng paaralan ay magtatakda ng patakaran para sa mga bagay tulad ng pagpapatupad ng isang budget at kurikulum at transportasyon.

### Bakit mahalaga ang pamumuno ng lupon ng paaralan?

Ang isang epektibong lupon ng paaralan ay magbibigay daan tungo sa mas mataas na matatamong tagumpay ng estudyante ayon sa natakhang antas sa silid-aralan dahil ang buong sistema ay may suporta.

### Paano mo maipaparinig ang iyong boses?

Ang Board Corps ay sumusuporta sa magagandang pamumuno na mga kasanyan sa Seattle Public Schools (SPS) sa pamamagitan ng pagiging isang walang pinapanigan at walang kinikilingan na tagapagmasid ng pamumuno ng lupon ng paaralan at pagbabahagi ng impormasyon sa SPS at sa malawakang publiko.

Sa pamamagitan ng pagsali sa Board Corps, ikaw at ang ibang mga magulang at mga tagapag-alaga ng kasalukuyan, papasok at nagtapos na estudyante ng SPS, SPS alumns, o mga lider sa komunidad ay tutulong upang masigurado ang tagumpay ng sistema ng ating pampublikong edukasyon sa Seattle. Kayo ang susi sa isang puno ng impormasyon at nakikilahok na mga mamamayan.

### Paano sumali sa Board Corps

- Makilahok sa isang dalawang oras na pagsasanay sa Abril 25 sa Rainier Beach Community Center mula 10 a.m. hanggang 12 p.m. o sa Abril 28 mula 6 hanggang 8 p.m. sa Phinney Neighborhood Center kung saan ikaw ay makakapag-aral ng Core Characteristics of Effective School Boards (Pinakamahalagang mga Katangian ng Epektibong mga Lupon ng Paaralan), magrebyu ng isang pagsasanay na manwal at matuto kung paano sagutin ang Board Corps na evaluation (paghusga) na pormularyo.
- Dumalo sa paglulunsad ng proyekto sa katapusan ng Mayo.
- Dumalo, magmasid at magtasa ng tatlong miting ng lupon sa pagitan ng Abril at Oktubre.
- Maging punong-abala o kapwang punong-abala ng isang miting sa neighborhood bago ang Agosto 4 at isa bago ang Nobyembre 3.

### Ano ang inaasahang takdang tagal ng oras?

14 na oras sa loob ng siyam na buwan na magkaroon ng isang napakahalagang kabuluhan at suporta sa edukasyon ng 52,000 na estudyante ng Seattle sa 97 na mga paaralan.

### Board Corps Pagsasanay na mga Petsa (Pumili ng Isa)

- Abril 25 mula 10 a.m. hanggang 12 p.m.  
Rainier Beach Community Center  
8825 Rainier Ave S  
Seattle, WA 98118
- Abril 28 mula 6 hanggang 8 p.m.  
Phinney Neighborhood Center  
6532 Phinney Ave N  
Seattle, WA 98103



Ang Our Schools Coalition (Ang Koalisyon ng Ating mga Paaralan) ay ang pinakamalaking K-12 na koalisyon sa edukasyon sa Seattle, na may saklaw ng iba't-ibang pangkat ng mga organisasyon sa komunidad, tagapagtaguyod ng edukasyon, mga magulang, mga kalakal at inihalal na mga opisyal. Ang koalisyon ay gumagamit ng kolektibong estratehiya upang mapaganda ang kalidad ng edukasyon para sa mga estudyante na nasa SPS.

Para sa dagdag na impormasyon, kontakin si [craigk@strategies360.com](mailto:craigk@strategies360.com) o bisitahin ang [www.ourschoolscoalition.org](http://www.ourschoolscoalition.org)